Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MAYO 19, 2017 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Enrico C. Villas | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| *Kgg. German S. Acosta* | *Sangguniang Bayan Member* |
| Kgg. Edezer M. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Gumaganap na Punong Bayan |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member - **Leave** |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member – **Leave** |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KAPASYAHAN BLG. 17-05-130**

**KAPASYAHANG PINAGTITIBAY ANG ORDINANSA BLG. 01-2017 NG BARANGAY SAN ROQUE, NA MAY PAMAGAT NA "ORDINANSANG NAGPAPATUPAD NANG PAGTATAAS NG BAYAD SA MGA SERTIPIKASYONG IBINIBIGAY SA MGA NEGOSYANTE, MOTORISTA AT SA MGA MAMAMAYANG GUMAGAMIT SA PROYEKTO NG BARANGAY PARA SA PAGBABAYAD NG PERMIT, CASH TICKET UPANG MAKADAGDAG SA INCOME NG BARANGAY SAN ROQUE, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO"**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA: NA:** Pagtibayin ang Ordinansa Blg. 01-2017 ng Barangay San Roque, na may pamagat na "Ordinansang nagpapatupad nang pagtataas ng bayad sa mga sertipikasyong ibinibigay sa mga negosyante, motorista at sa mga mamamayang gumagamit ng proyekto ng barangay para sa pagbabayad ng permit, cash ticket upang makadagdag sa income ng Barangay San Roque, Bulalacao, Oriental Mindoro," sa pasubali na ang mga sumusunod na kondisyon ay dapat tuparin:

1. Na, ang pagbabayad ay reresibuhan ng Ingat-Yaman ng Barangay at hindi sa pamamagitan ng cash ticket;

2. Na, ipinapayong hindi isama ang plaza/basketball court sapagkat bawal itong pagbilaran ng anumang uri ng produkto;

3. Na, ang paniningil sa pagbubukas/paggamit sa ilaw ng Plaza ng mga manlalaro ay PhP50.00 kada laro;

CS CamScanner

4. Na, ang pagpapatupad sa nasabing ordinansa ay dapat naaayon sa mga umiiral na mga batas at alituntunin, na tanging pananagutan ng Pamahalaang Barangay ng San Roque.

**IPINASYANG MULI,** na padalhan ng sipi ng Kapasyahang ito ang Sangguniang Barangay ng San Roque, sa pamamagitan ng Kalihim ng Barangay San Roque, para sa kanilang kabatiran at gabay.

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., SB Member SB Member Guillermo G. Salas, Jr., SB Member German S. Acosta at SB Member Edwin C. Aceron na pinangalawahan ni SB Member Dennes M. Faner, ang *Kapasyahang ito ay ...*

**PINAGTIBAY":** Mayo 19, 2017, Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**DENNES M. FANER**
SB Member

**GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**EDEZER F. ACERON**
SB Member

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**EDWIN C. ACERON**
SB Member

**TULAY M. CARING**
IPM Representative.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay/
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**RAMON G. MAGBANUA**
Gumaganap na Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: May 19, 2017

170519/PLP/jpc